5

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

MAPEH (Music)

Unang Markahan – Modyul 4:
Ang mga *Rhythmic Patterns*

ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

MAPEH (Music) – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 4: Ang mga *Rhythmic Patterns*
Unang Edisyon, 2020

Nakasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Glichel B. Formentera
Editors: Deowel F. Abapo, EdD, Vergita M Ibañez, Rhea Jane D. Palita
Tagasuri: Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Jose Aldrin F. Avellana, Angela N. Villasin
Tagaguhit: Dio Regine T. Arayan
Tagalapat: Eden Lynne V. Lopez
Tagapamahala:
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Raul D. Agban
Lorelei B. Masias
David E. Hermano
Shirley L. Godoy
Eva D. Divino
Jo-Ann C. Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) 832-2997
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

MAPEH (Music)

Unang Markahan – Modyul 4:
Ang mga *Rhythmic Patterns*

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang

o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Alamin

Sa musika ang *rhythmic pattern* ay mahalagang ginagampanan. Dito makikita ang pinagsama-samang nota (*note*) at pahinga (*rest*) na ayon sa isang itinakda o ginawang *time signature*. Kombinasyon o pagsasam-sama rin ito ng mga tunog na naririnig o inaawit na mayroong pagkakaiba at pagkakapareho. Sa isang *bar line* o *music line*, dito pinagsasama-sama ang mga pahinga (*rest*) o nota (*note*) na ginagamit sa mga awitin upang makabuo ng tunog. Ang mga nota at pahinga rin na napapaloob sa bawat *bar line* ay katumbas na bilang ng kumpas sa nakasaad na *meter* at *time signature*.

Ang $\frac{2}{4}$ ay time signature na dalawahan ang bilang ng kumpas. Ito ay karaniwang naiuugnay sa kilos o galaw na pangmartsa. Ang bilang niyo ay 1-2 1-2 1-2. Napapangkat ang mga bilang na ito sa pamamagitan ng paglalagay ng barline|.

Ang rhythmic pattern sa time signature na $\frac{3}{4}$ ay pagpapangkat ng mga tunog sa tatluhan. Ito ay karaniwang sinasabayan ng sayaw na balse at waltz at may bilang na 1, 2, 3.

Sa time signature na $\frac{4}{4}$ may apat na bilang ang bawat sukat.

Sa modyul na ito matutunan mo ang kahalagahan ng *rhythmic pattern* sa musika gamit ang sumusunod na mga layunin bilang gabay sa pagkatuto ng aralin.

a. Nakikilala ang kahulugan ng *rhythmic pattern* gamit ang iba't ibang nota at *rest* sa *time signature* na $\frac{2}{4}$ $\frac{3}{4}$ $\frac{4}{4}$

b. Nakabubuo ng mga *rhythmic pattern* gamit ang iba't ibang nota at *rest* sa *time signature* na $\frac{2}{4}$ $\frac{3}{4}$ $\frac{4}{4}$

c. Napapahalagahan ang mga rhythmic pattern gamit ang iba't ibang nota at *rest* sa *time signature* na $\frac{2}{4}$ $\frac{3}{4}$ $\frac{4}{4}$

Subukin

Pakinggan mula sa *YouTube* o awitin ang mga sumusunod at ibigay ang *rhythmic pattern* nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel:

Tong Tong Tong Tong

Tong tong tong tong
pakitong kitong,
Alimango sa dagat
Malaki at masarap.
Mahirap hulihin
Sa pagkat nangangagat.

1

We Wish You a Merry Christmas

We wish you a merry Christmas
We wish you a merry Christmas
We wish you a merry Christmas
And a Happy New Year!

2

Happy Birthday Song

Happy birthday to you,
Happy birthday to you,
Happy birthday, Happy birthday,
Happy birthday to you.

3

4. (3 pts) Ilang bilang ang bawat sukat ng:
a) Tong, Tong, Tong, Tong
b) We Wish You a Merry Christmas
c) Happy Birthday Song

5. (3 pts) Ano ang Rhythmic Pattern?

Aralin 1	Ang Mga *RHYTHMIC PATTERNS*

Isa sa mga pangunahing sangkap sa Musika ay ang *rhythm*. Ito ay tumutukoy sa galaw ng katawan bilang pagtugon sa tunog na naririnig. Ang tibok na ating puso o pulso ay may kinalaman sa pagsasagawa ng mga kilos na makapagpapakita ng daloy ng *rhythm*. Ang isang ***rhythmic pattern*** ay binubuo ng mga tunog na naririnig at di naririnig ayon sa kumpas o *time-meter* nito.

Balikan

A. Kilalanin ang iba't ibang mga *notes* at *rests* na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1.  _____
2.  _____
3.  _____
4. _____
5. _____
6. _____
7.  _____
8. _____

B. Isulat ang beat ng bawat nota at rest nasa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel:



1. _____ 2. _____3. _____ 4. _____5. _____6. _____7. _____ 8. _____

Tuklasin

A. Awitin ang Bahay Kubo. Pagkatapos sagutin ang mga tanong na nasa ibaba nito sa sagutang papel.

Bahay Kubo

Bahay kubo kahit munti,
ang halaman doon ay sari-sari.
Singkamas at talong,
sigarilya at mani,
sitaw, bataw, patani.



1. Ano ang *rhythmic pattern* ng bahay kubo? _____

2. Magbigay ng isang awitin na may parehong *rhythmic pattern* nito _____

B. Awitin ang *Baa, Baa Black Sheep* at isulat sa sagutan papel ang iyong sagot sa mga tanong na nasa ibaba:

Baa, Baa, Black Sheep

Baạ baạ black sheep
Have you any wool.
Yes sir, yes sir,
Three bag full.

Schplook, 2014

1. Ano ang *rhythmic pattern* ng Baa, Baa, Black Sheep? _____

2. Magbigay ng isang awitin na may parehong *rhythmic pattern* nito. _____

3. Magkapareho ba ang *rhythmic pattern* ng Bahay Kubo at *Baa, Baa Black Sheep*? _____

4. Ano ang pagkakaiba sa dalawa? _____

5. Ano ang ibig sabihin ng *rhythmic pattern?* _____

C. Pangkatin ang mga nota at *rests* upang makabuo ng ritmo na nasa dalawahan sa pamamagitan ng paglalagay ng *barline*. Ginawa ang unang pangkat para para maging gabay. Kopyahin at isulat ito sa sagutang papel.



Suriin

Ang awit ay mayroong 16 na sukat. Ang mga simbolo ng musika na nasa loob ng mga sukat ay mga nota at *rest.* Nabuo ang mga sukat sa pamamagitan ng paglalagay ng *barline* sa *time signature*. Ang "Tulog Na" na awit na nasa ibaba ay may $\frac{2}{4}$ *time signature.* Mayroong dalawang bilang ang bawat sukat.



Ang awit ay mayroong labingdalawahing sukat. Ang mga simbolo ng musika na nasa loob ng mga sukat ay mga nota at *rests*. Nabuo ang mga sukat sa pamamagitan ng paglalagay ng *barline* sa *time signature*. Ang *"Music Alone Shall Live "* na awit na nasa ibaba ay $\frac{3}{4}$ *time signature*. Mayroong tatlong bilang ang bawat sukat.



Ang awit ay mayroong 12 na sukat. Ang mga simbolo ng musika na nasa loob ng mga sukat ay mga nota at *rest*. Nabuo ang mga sukat sa pamamagitan ng paglalagay ng *barline* sa *time signature*. Ang *time signature* ng *"Baa Baa Black Sheep"* na awit na nasa ibaba ay may $\frac{4}{4}$ time signature . Mayroong apat na bilang ang bawat sukat.



Ano ang *rhythmic pattern*?

Ang *rhythmic pattern* ay ang batayan upang masundan ng wasto ng mga mang-aawit at mga manunugtog ang musika at titik ng awitin. Ang isang *rhythmic pattern* ay binubuo ng mga nota at *rest* na pinagsamasama ayon sa bilang ng *beat* sa isang sukat. Maaaring ito ay sukat ng pangdalawahang kumpas tulad ng *Tulog Na*, pangtatluhang kumpas tulad ng *Music Alone Shall Live* o pang-apatang kumpas tulad ng *Baa Baa Black Sheep*.

Pagyamanin

Gawain 1

Buuin ang *rhythmic pattern* sa pamamagitan ng pagdagdag ng nota o *rest* ayon sa *time signature*.

Gawain 2

Lagyan ng akmang nota ang bawat patlang upang mabuo ang *rhythmic pattern.*

Gawain 3

Isulat sa patlang ang nota o *rest* upang mabuo ang sukat sa *time signature* na $\frac{4}{4}$

Gawain 4

Ibigay ang kahulugan ng *rhythmic pattern.*

_____

Gawain 5

Mahalaga ba ang *rhythmic pattern*? Bakit?

_____

Isaisip

Ang *rhythmic pattern* ay binubuo ng mga_____at _____ na pinagsamasama ayon sa bilang ng _____sa isang sukat.

Ang *ryhtmic pattern* ay maaring nasa palakunpasang _____, _____ at _____.

Isagawa

Paano mo napapahalagahan ang mga *rhythmic pattern* gamit ang iba't ibang nota at *rest* sa *time signature* na $\frac{2}{4}$ $\frac{3}{4}$ $\frac{4}{4}$. Isulat ang sagot sa ibaba.

_____

_____

_____

Tayahin

Panuto: Bumuo ng *rhythmic pattern* sa $\frac{2}{4}$ $\frac{3}{4}$ $\frac{4}{4}$ *time signature* sa apat na sulat.

Karagdagang Gawain

Panuto: Pumili ng isang saknong sa awiting alam mo at bumuo ng isang *rhythmic pattern* na may *time signature na* $\frac{2}{4}$ $\frac{3}{4}$ $\frac{4}{4}$ mula sa nasabing awitin.

Pagyamanin
Gawain 1

Tuklasin

A. 1. Tatluhan
   2. depende sa sagot ng bata

B. 1. Dalawahan
   2. depende sa sagot ng bata
   3. hindi
   4. Ang Bahay Kubo ay nasa tatlohan habang ang Baa, Baa, Black Sheep ay nasa dalawahan
   5. Ang rhythmic pattern ay ang batayan upang masundan ng wasto ng mga mag-aawit at mga manunugtog ang musika at titik ng awitin.

C. 

Balikan

A.1. Whole Note
   2. Half Note
   3. Half Rest
   4. Quarter Rest
   5. Quarter Note
   6. Eighth Note
   7. Whole Rest
   8. Eighth Rest

B.1) 4 4) ½ 7) 1
   2) 2 5) 4 8) ½
   3) 1 6) 2

Subukin

1. dalawahan 2. tatlohan
3. apatan 4. a) 2 b) 3 c) 4
5. depende sa sagot ng bata

Susi sa Pagwawasto

Karagdagang Gawain

*Iba't iba ang kasagutan basta base sa tamang sukat ng *rhythmic pattern*.

Tayahin

*Maari din ang iba't ibang ang kasagutan basta naaayon ang sukat nito.

Isagawa

Napapahalagahan ang rhythmic pattern gamit ang iba't ibang note at rest sa time signature sa pamamagitan ng paggamit nito sa mga awitin.

Gawain 3

Gawain 4 at 5 ay nagdedepende sa sagot ng bata

Gawain 2



Sanggunian

"Public Domain Clip Art Image | Cartoon Black Sheep | ID: 13932765618251 Publicdomainfiles.Com". 2014. *Publicdomainfiles.Com*.

Schplook, 2014. Public Domain Clip Art Image | Cartoon Black Sheep | ID: 13932765618251 | PublicDomainFiles.com. http://www.publicdomainfiles.com/show_file.php?id=13932765618251.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph